# Ano ang maaasahan – Kanser sa Lalamunan at Sikmura

Cancer Council

Tagalog

**Ano ang maaasahan sa bawat hakbang ng paggamot at makaraan pa nito**

## Kanser sa Lalamunan at Sikmura

Ang talaan ng impormasyong ito ay magsasabi sa iyo kung ano ang maitatanong mo bago gamutin, habang ginagamot, at matapos gamutin ang iyong kanser sa lalamunan at sikmura. Ikaw ay makakahiling sa iyong pangkat ng karagdagang impormasyon at suporta.

Ang pakikipagtulungan sa iyong pangkat ay nangangahulugang matitiyak mo na makukuha ang paggamot, impormasyon at suporta na tama para sa iyo.

## 1. Pagpapatingin sa iyong doktor

Ang iyong doktor ay dapat kang suriin upang malaman ang sanhi ng di-mabuti mong pakiramdam. Sila ay magtatanong sa iyo tungkol sa anumang mga sintomas na maaaring mayroon ka (halimbawa, may masakit sa dakong itaas ng puson o dakong itaas ng tiyan, o kahirapan sa paglunok).

Ang iyong doktor ay dapat makipagtulungan sa iyo upang matiyak na mayroon kang impormasyon at tulong na kailangan mo. Ikaw ay makakapagtanong sa iyong doktor tungkol sa:

- Ano ang nangyayari sa iyong katawan at bakit ito nangyayari
- Ano ang mangyayari o maaaring mangyari
- Ano ang pakiramdam mo at paano mapananatiling mabuti ang iyong damdamin
- Sino ang makakausap mo tungkol sa pagkuha ng suportang kailangan mo
- Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon at suporta

Ang iyong doktor ay titingnan ka at maaaring pakunin ka ng mga pagsusuri sa dugo.

### Pagsusuri sa dugo

Ang doktor ay kukuha ng sampol ng iyong dugo.

Susuriin nila ang iyong dugo upang makita kung ang iyong katawan ay gumaganang mabuti.

Kung sa palagay ng iyong doktor ay mayroon kang kanser sa lalamunan at sikmura, papupuntahin ka nila sa isang endoscopist upang magawan ng endoscopy. Ang endoscopy ay isang pagsusuri upang makita kung ikaw ay mayroong kanser sa lalamunan at sikmura. Ito ay tinatawag na diyagnosis.

Ang iyong doktor ay dapat magbigay sa endoscopist ng impormasyon tungkol sa iyong nakalipas na kalusugan, kung may iba pa sa iyong pamilya na nagkaroon ng kanser, at ang mga resulta ng pagsusuri sa iyo.

### Endoscopy

Isang tubo na may nakakabit na kamera ang ipapasok sa loob ng ilong o lalamunan. Ito ay isang endoscope. Ang endoscope ay ginagamit upang makakuha ng litrato ng lalamunan at sikmura.

**Ikaw ay makakapagsama ng isang kapamilya o kaibigan sa iyong mga pagpapatingin. Ikaw ay makakahiling sa iyong doktor ng karagdagang impormasyon at suporta upang tiyaking mayroon ka ng mga kinakailangan mo.**

## 2. Mga pagsusuri

Ang endoscopist ay makikipag-usap sa iyo tungkol sa mga resulta ng pagsusuri. Kung mayroon ka ngang kanser, papupuntahin ka ng endoscopist sa isang espesyalista sa kanser sa lalamunan at sikmura, kung ang endoscopist ay hindi espesyalista. Ang iyong espesyalista ay gagawa ng karagdagang pagsusuri upang makita kung paano lumalaki ang kanser o kung ito ay kumalat na. Ito ay tinatawag na staging.

Ikaw ay makakapagtanong sa espesyalista ng:

- Anu-anong pagsusuri ang gagawin sa iyo
- Ano ang mangyayari sa mga pagsusuri
- Ano ang maipapakita sa iyo ng mga pagsusuri

Ikaw ay maaaring magkaroon ng isa o ibat ibang pagsusuri:

### Computed tomography scan (CT scan)

Ang mga kompyuter at x-ray ay ginagamit upang makakuha ng madetalyeng litrato ng lalamunan at sikmura.

### Endoscopic ultrasound (EUS)

Ang isang endoscope ay ginagamit upang matingnan ang loob ng iyong lalamunan at sikmura. Ito ay gumagamit ng mga sound wave upang makakuha ng litrato ng lalamunan at sikmura.

### Position emission tomography scan (PET)

Mag-iiniksiyon ng kaunting materyal na radyo-aktibo at ang iyong buong katawan ay mai-scan upang maipakita kung nasaan ang kanser.

### Laparoscopy

May maliliit na hiwa na gagawin sa iyong puson o dako ng tiyan. Ang espesyalista ay magpapasok sa iyong sikmura, sa pamamagitan ng mga hiwa, ng isang maliit na tubo na may kamera sa dulo. Ito ay isang laparoscope. Ito ay ginagawa nang may pampamanhid kaya hindi mo ito mararamdaman.

Ito ay ginagamit upang makita ang mga kanser na napakaliit para makita sa isang CT o PET scan. Ang pagsusuring ito ay para lamang sa kanser sa sikmura.

## 3. Paggamot

Ang iyong espesyalista ay dapat makipagtulungan sa isang pangkat. Ang iyong pangkat ay binubuo ng mga taong nakakaunawa sa kanser sa lalamunan at sikmura.

Rerepasuhin ng iyong pangkat ang mga resulta ng pagsusuri sa iyo. Sila ay dapat magtanong sa iyo kung ano ang iyong nais at kailangan. Kayo ay dapat sama-samang magtulungan upang makagawa ng pinakamabuting plano para sa paggamot sa iyo.

Ikaw ay makakapagtanong sa iyong pangkat ng:

- Anong paggamot ang gagawin sa iyo
- Bakit ka ginagawan ng ganoong paggamot
- Ano ang mangyayari sa paggamot na iyon
- Ano ang magagawa ng paggamot
- Kailan sisimulan ang paggamot at gaano ito katagal
- Mga panganib at benepisyo ng paggamot
- Ano ang maaaring maramdaman mo habang ginagamot, mga side-effect, at ano ang magagawa mo upang maging mabuti ang pakiramdam hanggat maaari
- Ano ang maaasahan mo matapos ang paggamot

Ang iyong pangkat ay maaaring magmungkahi na sumali ka sa isang klinikal na pagsubok. Ang isang klinikal na pagsubok ay ginagamit upang subukan ang isang bagong paggamot, o upang tingnan kung mas mabuti ang isang paggamot kaysa sa iba. Ikaw ay makakahiling ng karagdagang panahon, o pangalawang opinyon bago ka magpasiya tungkol sa paggamot sa iyo.

Kabilang sa mga kaagapay na paggamot ang masahe, acupuncture at meditasyon, pati na iba pang gamot na maaaring gamitin mong kasabay ng paggamot sa iyo. Ang ilang paggamot ay maaaring hindi gumanang mabuti kasabay ng paggamot sa iyo. Kaya, napakahalaga na makipag-usap ka sa iyong pangkat tungkol sa anumang kaagapay na paggamot na ginagamit mo, o nanaisin mong gamitin.

Ang paggamot na makukuha mo ay babatay sa kung nasaan ang kanser, o kung ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng iyong katawan. Ang kanser sa lalamunan at sikmura ay hindi madalas natutuklasan hanggang sa kapag ito ay kumalat na. Ito ay dahil ang mga sintomas ay maaaring hindi malinaw at maaaring mahirap tanggaling lahat ang kanser.

Ang **pag-opera** ay ang pagtatanggal ng kanser.

Ito ay dapat gawin ng isang maninistis na may malawak na karanasan sa pag-opera sa lalamunan at sikmura.

### Endoscopic na paggamot

Ang iyong espesyalista ay gagamit ng endoscope upang gumawa ng ibat ibang uri ng paggamot. Ang mga paggamot na ito ay ginagamit kung ikaw ay may bagong kasisimula pa lamang na kanser sa lalamunan at sikmura. Ang mga ito ay ginagamit din upang mahadlangan ang paglaki ng kanser.

Ang **chemotherapy** o drug therapy ay gumagamit ng mga droga upang pigilin ang paglaki ng kanser.

Ito ay maaaring gamitin kung kumalat na ang iyong kanser.

Ang **radiation therapy** o radiotherapy ay ang paggamit ng radiation upang pigilin ang paglaki ng kanser.

Ito ay maaaring gamitin kasama ng pag-opera o chemotherapy. Ito ay maaaring gamitin kung kumalat na ang iyong kanser.

**Stent**

Isang tubong yari sa nababaluktot na mesh ang ilalagay sa loob ng iyong lalamunan. Ito ay tinatawag na stent.

Ito ay ginagamit upang paluwangin ang iyong lalamunan upang ang mga pagkain at likido ay makarating nang madali sa sikmura.

Ang **palliative care** ay magagamit sa lahat ng hakbang ng paggamot sa iyo. Ito ay tumutulong na mabawasan ang iyong mga sintomas at anumang side-effect ng paggamot. Ito ay makakatulong na pabutihin ang iyong pakiramdam. Ang palliative care ay mangangahulugang magiging sapat nang mabuti ang iyong pakiramdam upang gawin ang mga gusto mong gawin kapag handa ka na.

Ikaw ay makakahiling sa iyong pangkat ng lahat ng impormasyon at suportang kailangan mo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paggamot at mga side-effect, ikaw ay makakapagtanong sa iyong doktor o **bumisita sa** www.cancer.org.au/about-cancer/treatment

Ang iyong pangkat ay dapat makipag-usap sa iyo tungkol sa mga pangangailangan mo bago ka gamutin, habang ginagamot ka, at matapos ang paggamot sa iyo. Ikaw ay makakahiling ng impormasyon at suporta sa anumang oras upang matiyak na mayroon ka ng lahat ng kailangan mo.

Ang iyong pangkat ay makakapag-ugnay sa iyo sa ibang serbisyo at mga pangkalusugang propesyonal upang matiyak na mananatili kang malusog sa katawan at damdamin.

Ang iyong pangkat ay dapat mag-ugnay sa iyo sa isang diyetisyan at patologo sa pananalita habang ikaw ay ginagamot. Ang diyetisyan ay makakapagbigay sa iyo ng impormasyon at suporta tungkol sa maaari mong kainin habang ikaw ay ginagamot at matapos ang paggamot sa iyo. Ang patologo sa pananalita ay susuri sa iyong pananalita at gagamutin ka kung ikaw ay may mga problema sa pagsasalita o paglunok.

**Ikaw ay makakapagtanong sa iyong doktor tungkol sa paghanap ng isang grupong pangsuporta sa may kanser. Makakatulong ang kaalamang may iba pang tao na nakakaunawa kung ano ang iyong dinaranas.**

**Ang iyong mga kaibigan at kapamilya ay maaaring makipag-usap sa isang grupong pangsuporta para sa mga tagapag-alaga.**

## 4. Matapos ang paggamot sa iyo

Pagkatapos ng paggamot sa iyo, ang iyong pangkat ay dapat magbigay sa iyo ng isang buod ng paggamot. Ang iyong buod ng paggamot ay taglay ang lahat ng impormasyon tungkol sa paggamot na tinanggap mo:

- Mga pagsusuring ginawa sa iyo upang madiyagnos ang iyong kanser sa lalamunan at sikmura, at ang mga resulta ng mga pagsusuring ito
- Paggamot na tinanggap mo, at kung kailan ka nagkaroon nito
- Mga pangsuportang serbisyo at iba pang plano ng paggamot na natanggap mo

Ang iyong pangkat ay dapat makipagtulungan sa iyo upang gumawa ng isang plano ngayong natapos na ang paggamot sa iyo. Ang iyong espesyalista ay magpapasiya kung anong uri ng espesyalista o doktor ang pinakamabuti para sa pamamahala ng iyong pangangalaga. Ikaw ay dapat magkaroon ng isang kasunod na plano na kabibilangan ng:

- Mga susunod na gagawin na pinakamabuti para sa iyo
- Mga plano para sa pamamahala ng anumang side-efect ng paggamot
- Paano mabilis na kukuha ng tulong kung sa palagay mo ay nagbalik o lumala ang iyong kanser

Ang iyong doktor ay dapat tumulong at makipag-usap sa iyo tungkol sa:

- Paghanap ng karagdagang impormasyon at suporta upang manatiling mabuti sa katawan at damdamin, at makakuha ng kailangan mo
- Mga mamatyagang senyales at sintomas na maaaring mangahulugan na bumabalik ang kanser
- Pag-iingat at malusog na pamumuhay

## 5. Ang buhay na may kanser

### Mga side-effect

May ilang tao na nagkakaroon ng mga side-effect habang sila ay ginagamot at matapos gamutin. Ang mga side-effect ay reaksiyon ng iyong katawan sa paggamot na iyong kinukuha.

Ang mga ito ay normal, ngunit maaaring maging di-mabuti ang iyong pakiramdam. Ikaw ay maaaring magkaroon agad-agad ng mga side-effect, o wala man lang, o maraming buwan matapos ang paggamot sa iyo.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa iyong mga side-effect o **bumisita sa** www.cancervic.org.au/about-cancer/survivors/long-term-side-effects

### Advanced care plan

Ang iyong pangkat ay maaaring makipagtulungan sa iyo upang gumawa ng isang advanced care plan. Ang isang advanced care plan ay isang paraan ng pagsasaad ng iyong mga ninanais at tinitiyak na alam ng lahat kung ano ang gusto mong pangangalagang medikal sa hinaharap.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa magkasamang paggawa ninyo ng isang advanced care plan, o **bumisita sa** www.advancecareplanning.org.au

### Palliative care

Ang palliative care ay ginagamit sa ibat ibang hakbang ng paggamot sa iyo upang tulungang bumuti ang iyong pakiramdam. Ang palliative care ay makakatulong sa pagpapaginhawa ng sakit, mabawasan ang iyong mga sintomas at pabutihin ang kalidad ng iyong buhay.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa uri ng palliative care na pinakamabuti para sa iyo, o **bumisita sa** www.palliativecare.org.au

### Gastos

May mga gastos sa bawat hakbang ng iyong kanser kabilang ang paggamot, akomodasyon at pagbiyahe. Ikaw ay maaaring magkagastos kung ginagamot ka sa isang pribadong serbisyong pangkalusugan kahit na mayroon kang pribadong pangkalusugang seguro.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong pangkat at sa pribadong pangkalusugang taga-seguro kung may mga tanong ka tungkol sa halaga ng bawat paggamot na maaaring gawin sa iyo. Ikaw ay maaari ding makipag-usap sa social worker sa iyong ospital.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa halaga ng paggamot sa iyo, o **bumisita sa** www.canceraustralia.gov.au/affected-cancer/living-cancer/dealing-practical-aspects-cancer/costs-treatment

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa halaga ng akomodasyon at pagbiyahe, o **bumisita sa** www.cancercouncil.com.au/get-support/practical-support-services

**Maraming bagay na pag-iisipan kapag mayroon kang kanser sa lalamunan at sikmura. Marami ding impormasyon at suporta. Mahalagang gawin mo kung ano ang tama para sa iyo.**

**Ikaw ay maaaring makipagtulungan sa iyong pangkat upang matiyak na mayroon kang pinakamagaling na pangangalaga.**

## Impormasyon at suporta

### Cancer Council

- Ikaw ay maaaring makipag-usap sa isang pang-kanser na nars: **13 11 20**
- Kung kailangan mo ng tagasalin sa wika: **13 14 50**

### Carers Australia

- Impormasyon at suporta para sa mga tagapag-alaga: **1800 242 636**



Australian Government Cancer Australia
VICTORIA State Government
Cancer Council